ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 1| January2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

PAGHAHANDA AT PAGTATAYA NG MGA GAWAIN SA PAGKATUTO NG MGA ARALING PANITIKAN SA BAITANG 7

Hinie D. Sola[1], Marina D. Acerit[2]
[1, 2]Central Graduate School, Isabela State University
[1]Children First School Inc., Santiago City, Isabela
[2]Isabela State University-Echague, Isabela

ABSTRACT
Ang pananaliksik na ito ay naglalayong makapaghanda at makapagtaya ng mga gawaing pampagkatuto Learning Activity Sheets (LAS) sa araling panitikan sa Baitang 7 batay sa Most Essential Learning Competencies (MELCs). Gumamit ito ng disenyo ng developmental ng research na ginabayan ng modelong ADDIE. Ang mga LAS ay sinuri ng labimpitong (17) guro at eksperto sa Filipino gamit ang Content Validity Index (CVI), at isinailalim sa try-out upang masukat ang bisa gamit ang mean scores at t-test. Lumabas sa resulta na may mataas na antas ng baliditi at kabisahan ang karamihan sa mga LAS, bagamat may ilang aspekto tulad ng kaligtasan at espasyong Biswal na nangangailangan ng rebisyon. Napatunayan na epektibo ang mga LAS sa pagpapalalim ng pag-unawa sa panitikan at kapaki-pakinabang para sa mga guro at mananaliksik sa paghahanda sa kagamitang pampagkatuto.
KEYWORDS: *Panitikan, Gawaing Pagkatuto, LAS, Melcs, ADDIE, Baliditi,Kabisaan, Pagtataya.*

RATIONALE
Mahalagang salik sa mabisang pagtuturo ng panitikan sa asignaturang Filipino ang pagkakaroon ng angkop, wasto, at dekalidad na mga kagamitang pampagkatuto. Sa kabila ng pagkakaroon ng Most Essential Learning Competencies (MELCs) at ng Matatag na Kurikulum, nananatiling hamon ang paghahanda ng mga Learning Activity Sheets (LAS) na sistematikong dinisenyo at dumaan sa empirikal na balidasyon, lalo na sa aspekto ng nilalaman, pormat, at presentasyon at organisasyon.

Bilang tugon, isinagawa ang pag-aaral na ito upang bumuo at magtaya ng mga Learning Activity Sheets para sa mga araling panitikan sa Baitang 7 gamit ang modelong ADDIE. Nilalayon nitong matukoy ang antas ng baliditi ng kaangkupan, kawastuhan ng nilalaman, at antas ng kasunduan ng mga guro at eksperto sa pagtataya ng mga nabuong LAS. Inaasahang makapag-aambag ang pag-aaral ng mga empirikal na batayan sa pagbuo ng dekalidad na kagamitang pampagkatuto na maaaring gamitin sa iba't ibang modalidad ng pagkatuto at magsilbing gabay ng mga guro sa pagtuturo ng panitikan, bilang pagsuporta sa layunin ng dekalidad at inklusibong edukasyon.

Nilayon ng pag-aaral na ito na ihanda at suriin ang mga gawaing pampagkatuto (Learning Activity Sheets) para sa mga araling panitikan sa Baitang 7 batay sa kaangkupan at kawastuhan ng mga ito. Higit pa rito, ang resulta ng pagtataya ng mga guro at eksperto ay gagamiting batayan sa pagpapaunlad at pagpino ng mga kagamitang pampagkatuto upang higit na matiyak ang kalidad at pagiging angkop ng mga ito sa pagtuturo ng panitikan sa asignaturang Filipino.

OBJECTIVES OF THE STUDY
1. Ano ang antas ng baliditi ng kaangkupan ng mga gawaing pampagkatuto ng mga araling Panitikan sa Baitang 7 batay sa mga pagtataya ng mga guro at eksperto sa kraytirya ng:
   a. nilalaman;
   b. pormat;
   c. presentasyon at organisasyon?
2. Ano ang antas ng kawastuhan ng mga gawaing pampagkatuto sa mga araling Panitikan sa Baitang 7 batay sa pagtataya ng mga guro at eksperto sa mga pagkakamaling konseptwal, paktwal, at gramatikal?
3. Ano ang antas ng kasunduan ng mga guro sa pagtataya ng kaangkupan at kawastuhan ng mga gawaing pampagkatuto sa araling Panitikan sa Baitang 7?

METHODOLOGY
Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng modelong Analysis, Design, Development, Implement, at Evaluate (ADDIE) bilang balangkas sa paghahanda at pagtataya ng mga gawaing pampagkatuto (Learning Activity Sheets) para sa mga aralin sa panitikan sa Baitang 7. Lumahok sa pagtataya ang labimpitong (17) guro mula sa Kagawaran ng Edukasyon, kabilang ang mga kasapi ng Quality Assurance Committee at mga gurong dalubhasa sa asignaturang Filipino, habang isinagawa ang pilot testing sa mga mag-aaral sa Baitang 7 ng Sagana National High School. Ginamit bilang instrumento ang mga tseklist ng ebalwasyon ng mga guro at mag-aaral na inangkop mula sa Learning Resources Management and Development System (LRMDS) ng DepEd (2019), isinalin sa Filipino, bahagyang binago, at isinailalim sa balidasyon ng mga eksperto. Sa pagsusuri ng datos, ginamit ang Content Validity Index (CVI) upang matukoy ang antas ng baliditi ng kaangkupan ng mga gawaing pampagkatuto, One-Sample t-test para sa pagtataya ng kawastuhan batay sa itinakdang

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 1| January2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

benchmark na 3, at Interclass Correlation Coefficient (ICC) upang matukoy ang antas ng kasunduan ng mga guro sa kanilang mga pagtataya.

1. Ang iskalang ginamit sa pagsusuri sa antas ng baliditi ng mga Learning Activity Sheets (LAS) batay sa pagtataya ng mga eksperto, tinuos ang Content Validity Index (CVI), (Polit at Beck, 2006).

S-CVI range	Antas ng Baliditi	Pagpapakahulugan
S-CVI ≥ 0.81	Mataas Baliditi	Naaangkop sa mga kasanayang pagkatuto ng kurikulum
0.71 ≤ S-CVI < 0.80	Katamtamang antas ng Baliditi	May ilang aspekto na nangangailangan ng rebisyon
S-CVI < 0.70	Mababang Baliditi	Nangangailangan ng malawakang rebisyon

2. Ang *One- Sample t-test* ang ginamit sa pagtaya sa kawastuhan ng mga Learning Activity Sheets batay sa pagsusuri ng mga guro at eksperto. Ang itinakdang benchmark value ay 3 na batay sa pamantayang ginagamit ng DepEd sa pagtataya ng mga limbag na kagamitan pampagtuturo.
3. Ang Iskalang Interclass Correlation Class o ICC ay ginamit sa pagtukoy ng antas ng pagkakalapit ng mga pagtataya (inter-rater agreement) ng mga guro sa kaangkupan at kawastuhan ng mga gawaing pagkatuto batay sa mean ng kanilang mga pagtataya at bahagdan ng konsistinsi ng mean ng mga ito. Ang Pamantayan sa Interpretasyon ng Interclass Correlation Coefficient nina Koo at Li (2016) na kung saan Batay sa 95% confident interval ng ICC, ang mga value na mas mababa sa 0.5, sa pagitan ng 0.5 at 0.75, sa pagitan ng 0.75 at 0.9, at higit sa 0.90 ay nagpapahiwatig ng mahina, katamtaman, mabuti at napakabuti. Binigyang interpretasyon ang mga natuos na ICC batay sa mga sumusunod na iskala:

Saklaw ng ICC value	Deskripsyon
< 0.50	Mahinang kasunduan
0.50–0.75	Katamtamang kasunduan
0.75–0.90	Mabuting kasunduan
> 0.90	Napakabuting na kasunduan

RESULT AND DISCUSSION

Antas ng Baliditi ng Nilalaman ng mga Gawaing Pampagkatuto (Learning Activity Sheets) ng mga Araling Panitikan sa Baitang 7 Batay sa mga Pagtataya ng mga Guro at Eksperto.

Ang nilalaman ang pinakamahalagang aspeto ng inihandang mga LAS sapagkat ang maayos at kaangkupan ng mga ito ang batayan kung nagtutugma ito sa mga kasanayang kailangang matamo na itinakda ng kurikulum. Sa aspetong ito makikita kung ang mga aralin ay tugma sa lebel ng debelopment ng mga mag-aaral at nakatutugon sa mga pinakamahahalagang kasanayang pampagkatuto (MELCs). Gayundin na dapat matiyak na ang nilalaman ng mga LAS ay magiging daluyan upang malinang magabayan ang mga mag-aaral na malinang ang kanilang mas mataas na antas ng pag-iisip, tulad ng pagiging mapanuri at malikhain. Kabilang din sa aspetong ito ang pagsasaalang-alang kung ang materyal ay walang kinikilingan at nagpapalago ng mga pagpapahalagang Pilipino.

Makikita sa Talahanayan 1.a. ang antas ng baliditi ng nilalamang ng mga gawaing pampagkatuto (Learning Activity Sheets) ng mga araling panitikan sa Baitang 7.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 1| January2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Talahanayan 1.a. Antas ng baliditi ng kaangkupan ng mga gawaing pampagkatuto ng mga araling Panitikan sa Baitang 7 batay sa mga pagtataya ng mga guro at eksperto sa kraytirya ng nilalaman.

	LAS 1		LAS 2		LAS 3		LAS 4		LAS 5		LAS 6		LAS 7		LAS 8		LAS 9		LAS 10	
a. Nilalaman	**I-CVI**	**S-CVI**	**I-CVI**	**S-CVI**	**I-CVI**	**S-CVI**	**I-CVI**	**S-CVI**	**I-CVI**	**S-CVI**	**I-CVI**	**S-CVI**	**I-CVI**	**S-CVI**	**I-CVI**	**S-CVI**	**I-CVI**	**S-CVI**	**I-CVI**	**S-CVI**
1. Ang nilalaman ng material ay akma sa lebel ng debelopment ng mag-aaral.	0.80	0.82	0.82	0.77	0.88	0.80	0.76	0.79	0.82	0.77	0.76	0.83	0.82	0.78	0.71	0.78	0.76	0.77	0.76	0.76
2. Ang materyal ay nakatutulong sa pagkamit ng mga pinakamahahalagang kasanayang pampagkatuto sa inaasahang asignatura at baitang.	0.82		0.71		0.71		0.71		0.76		0.82		0.65		0.76		0.71		0.71	
3 Nalilinang ng material ang mas mataas ang mataas na lebel ng kaalaman tulad ng pagiging mapanuri, malikhain, pagkatuto sa pamamagitan ng aplikasyon ng mga kaalaman, pananaliksik, at paglutas ng mga suliranin at iba pa.	0.84		0.76		0.82		0.71		0.76		0.82		0.82		0.76		0.82		0.82	
4. Ang meteryal ay malaya sa pagkiling ng ideolohikal, kultural, relihiyon, lahi, kasarian.	0.82		0.82		0.88		0.82		0.82		0.88		0.82		0.82		0.82		0.82	
5. Ang materyal ay nakapagpapaangat ng paglinang ng mga kaaya-ayang mga pagpapahalaga at mga katangian tulad ng pagmamalaki sa pagiging isang Pilipino, makaagham na saloobing at pangangatwiran, pagiging Makabayan, makatao, makakalikasan, maka-Dios, pakikipagtulungan sa paggawa, kooperasyo, pagiging matulungin, pakikiisa, pagiging matapat at iba pa.	0.82		0.71		0.76		0.76		0.76		0.82		0.82		0.82		0.76		0.76	
6. Ang materyal ay may kakayahang pukawin ang interest ng mga mag-aaral.	0.84		0.82		0.82		0.94		0.82		0.94		0.76		0.82		0.82		0.76	
7. May sapat na mga paalala at pabatid sa mga paksa at mga Gawain kung saan dapat isinaalang-alang ang kalusugan at kaligtasan.	0.80		0.76		0.71		0.82		0.65		0.76		0.76		0.76		0.71		0.71	

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 1| January2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Lumitaw sa resulta ng pagtataya ng mga guro sa antas ng baliditi ng mga nilalaman ng Learning Activity Sheets (LAS) 1 hanggang 10, na ang kabuuang Scale-Content Validity Index (S-CVI) ay nasa 0.76. Ito ay pasok sa katamtamang antas ng baliditi. Na 0.71-0.80. Ito ay nangangahulugang may ilang aspekto sa mga nilalaman ng mga LAS na kailangan ng bahagyang rebisyon sa mga aspetong natuloy upang higit na maiangkop sa kasalukuyang mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum.

Makikita sa bawat indibidwal na Item-Content Validity Index (I-CVI) ng mga indikeytor ng nilalaman na karamihan ay nasa katamtaman hanggang mataas ang antas. Ang mga indikeytor "Nalilinang ng materyal ang mas mataas na lebel ng kaalaman..." at "Malaya sa pagkiling ng ideolohikal, kultural, relihiyon, lahi, kasarian." ay nakakuha ng mataas na antas ng baliditi at nagpapakitang sa pangkalahatan ang mga LAS sa indikeytor na ito ito ay lubos na angkop sa layunin ng kurikulum. Gayunpaman, may mga indikeytor na sa pangkalahatan ay nakakuha ng 0.71, tulad ng una at ikapitong aytem, na nasa pinakamababang hangganan ng katamtamang antas ng baliditi. Ang datos na ito ay naging pokus sa pagpapabuti ng nilalaman ng mga LAS upang mapahusay pa bago ito ipinagamit sa mga mag-aaral.

Sa kabuuan, ang resulta ng pagtataya ay nagpapatibay sa pundasyon ng nilalaman ng mga inihandang LAS at natukoy ang mga partikular na bahagi na nangangailangan ng muling pagrebisa at posibleng pagwawasto upang matiyak na ito ay ganap na makatutugon sa mga pangangailangang pangkurikulum at sa antas ng kaunlarang kognitibo ng mga mag-aaral. Naging gabay interpretasyong sa ginawang pagpapa-unlad mga kagamitang pampagtuturo ito tungo sa ikatatamo ng mga kompetensis sa kurikulum.

Antas ng Baliditi sa Pormat ng mga Gawaing Pampagkatuto o Learning Activity Sheets (LAS)

Sa bahaging ito, tatalakayin ang resulta ng pagtataya ng mga guro at eksperto sa baliditi ng pormat at ilustrasyon ng mga LAS. Sa aspetong ito ng mga LAS, saklaw ang pagiging angkop ng laki at estilo ng mga letra, espasyo, at kalidad ng pagkakalimbag. Ang pagiging malinaw, makabuluhan, at kaaya-aya ng mga ilustrasyon, kabilang ang pagkakaroon ng tamang kapsyon, makatotohanang kulay, at kaugnayan sa kultura ay kasama rin sa pagsusuri sa bahaging ito.

Ang disenyo at ayos ay sinuri din upang makita kung ang kabuuang disenyo ay simple, kaaya-aya sa paningin, hindi nakakagulo sa atensyon ng mambabasa, at may pagkakatugma ang mga teksto at ilustrasyon. Tinataya rin kung sapat ang paggamit ng biswal na pantulong na may kaugnayan sa nilalaman.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 1| January2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Talahanayan 1.b Antas ng baliditi ng kaangkupan ng mga gawaing pampagkatuto ng mga araling Panitikan sa Baitang 7 batay sa mga pagtataya ng mga guro at eksperto sa kraytirya ng pormat.

	LAS 1		LAS 2		LAS 3		LAS 4		LAS 5		LAS 6		LAS 7		LAS 8		LAS 9		LAS 10	
2. Pormat	**I-CVI**	**S-CVI**	**I-CVI**	**S-CVI**	**I-CVI**	**S-CVI**	**I-CVI**	**S-CVI**	**I-CVI**	**S-CVI**	**I-CVI**	**S-CVI**	**I-CVI**	**S-CVI**	**I-CVI**	**S-CVI**	**I-CVI**	**S-CVI**	**I-CVI**	**S-CVI**
2.1 Paglimbag		0.80		0.71		0.79		0.79		0.73		0.74		0.74		0.74		0.74		0.73
Ang laki ng mga letra ay akma sa mga gumagamit	0.94		0.88		0.94		0.82		0.88		0.94		0.88		0.82		0.82		0.82	
Ang mga espasyo sa pagitan ng mga letra at salita ay naisaayos nang mabuti.	0.65		0.76		0.82		0.59		0.82		0.82		0.76		0.76		0.71		0.82	
Ang istilo ng mga salita ay madaling mabasa.	0.76		0.71		0.82		0.82		0.82		0.82		0.82		0.76		0.82		0.65	
Maayos ang kalidad ng pagkakalimbag (i.e., hindi nahati ang mga letra, pati ang densidad, nakahanay ng tama, maayos ang printa ng mga larawan)	0.88		0.76		0.82		0.76		0.76		0.82		0.76		0.76		0.71		0.76	
2. Ilustrasyon																			0.88	
2.1 Ang mga ilustrasyon ay payak at madaling matukoy	0.82		0.71		0.88		0.65		0.65		0.82		0.71		0.82		0.71			
2.2 Malinaw at Malaki ang mga letra	0.88		0.88		0.88		0.94		0.82		0.82		0.88		0.82		0.82		0.76	
2.3 Maayos ang pagklaklasipika o kapsyon	0.71		0.47		0.53		0.71		0.53		0.65		0.59		0.59		0.71		0.82	
2.4 Makatotohanan at akma ang mga kulay	0.76		0.47		0.71		0.76		0.65		0.65		0.53		0.59		0.59		0.65	
2.5 Nakapupukaw at nakaaakit ng atensyont.	0.76		0.71		0.76		0.82		0.71		0.71		0.76		0.65		0.76		0.47	
2.6 May kaugnayan sa kultura.	0.88		0.82		0.82		0.82		0.82		0.65		0.71		0.76		0.76		0.71	
3. Disenyo at Ayos																			0.71	
3.1 Nakahihikayat at nakasisiyang sa paningin.	0.76		0.71		0.82		0.82		0.71		0.71		0.76		0.76		0.82			
3.2 Simple (i.e., hindi nakawawala ng atensyon ng mambabasa)	0.71		0.59		0.76		0.71		0.59		0.65		0.71		0.71		0.65		0.76	
3.3 May sapat ang ilustrasyong kaugnay sa teksto	0.88		0.76		0.76		0.88		0.71		0.65		0.76		0.76		0.76		0.65	
3.4 Magkatugma ang mga nilalaman (e.g., ilustrasyon at mga teksto)	0.76		0.76		0.76		0.88		0.71		0.71		0.76		0.71		0.71		0.82	

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 1| January2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Lahat ng LAS 1 hanggang LAS 10 ay nagpakita ng katamtamang antas ng baliditi (S-CVI mula 0.71 hanggang 0.80. Bagamat maraming indikeytor ang may mataas na I-CVI, konsistent na may mga indekeytor lalo na sa ilustrasyon tulad ng kapsyon, kulay, at kasimplehan ang nagpapababa sa kabuuang S-CVI. Ang kahinaan ng mga mga LAS sa ilustrasyon ng mga ito ay katulad din ng nakita nina Rahmawati et al. (2021) sa kanilang pagsusuri ng teksbuk sa Bahasa Indonesia na kung saan inirekomenda nila ang pagsasaayos sa ilustrasyon ng aklat, partikular ang patas na pagsasama ng mga karakter. Kaugnay sa pag-aaral na ito higit na pinagtuunan ng pansin sa isinagawang rebisyon ang aspeto ng ilustrasyon upang mapaangat ang kalidad ng bawat LAS sa aspeto ng disenyo o pormat ng mga ito.

Antas ng Baliditi ng Presentatsyon at Organisasyon ng mga Gawaing Pampagkatuto Learning Activity Sheets

Mahalaga rin sa kabuuang kabisaan at kaangkupan ng mga LAS ang presentasyon at organisasyon ng mga ito. Sinuri ito ng mga gurong eksperto kung ang presentasyon ng mga ito ay nakapupukaw ng interes, lohikal ang daloy ng mga ideya, at ang wikang ginamit at naaayon sa antas ng pag-unawa ng mga target na mambabasa. Tinitingnan din ang pagkakaiba-iba ng estruktura ng mga pangungusap at talata upang maging kawili-wili at madaling maunawaan.

Talahanayan 1.c. Antas ng baliditi ng kaangkupan ng mga gawaing pampagkatuto ng mga araling Panitikan sa Baitang 7 batay sa mga pagtata ng mga guro at eksperto sa kraytirya ng Presentatsyon at Organisasyon.

	LAS 1		LAS 2		LAS 3		LAS 4		LAS 5		LAS 6		LAS 7		LAS 8		LAS 9		LAS 10	
3.Presentasyon at Organisasyon	**I-CVI**	**S-CVI**	**I-CVI**	**S-CVI**	**I-CVI**	**S-CVI**	**I-CVI**	**S-CVI**	**I-CVI**	**S-CVI**	**I-CVI**	**S-CVI**	**I-CVI**	**S-CVI**	**I-CVI**	**S-CVI**	**I-CVI**	**S-CVI**	**I-CVI**	**S-CVI**
1. Ang presentasyon ay nakapupukaw atensyon at interes at madaling maunawaan.	0.82	0.80	0.82	0.79	0.82	0.82	0.88	0.82	0.76	0.76	0.76	0.82	0.76	0.78	0.82	0.81	0.88	0.80	0.76	0.79
2. Ang material ay lohikal at may maayos na daloy ang mga ideya.	0.82		0.76		0.82		0.82		0.71		0.76		0.59		0.76		0.65		0.76	
3. Ang lebel ng bukabularyo ay iangkop sa lebel ng pag-unawa ng mga inaasahang mambabasa.	0.76		0.76		0.88		0.71		0.76		0.82		0.82		0.88		0.82		0.82	
4. Ang istruktura ng mga pangungusap ay akma sa pag-unawa ng mga inaasahang mambabasa.	0.82		0.88		0.88		0.94		0.82		0.88		0.88		0.82		0.82		0.88	
5. Ang struktura ng mga pangungusap at talata ay magkakaiba at kaaya-aya sa mga inaasahang mambabasa.	0.76		0.71		0.71		0.76		0.76		0.88		0.82		0.76		0.82		0.71	

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 1| January2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Ang pangkalahatang pagtataya ng mga guro at eksperto sa antas ng baliditi ng mga Learning Activity Sheets (LAS) 1 hanggang 10 sa aspekto ng presentasyon at organisasyon ay nagpapakita ng magkakaibang antas ng kaangkupan ng mga ito. Makikita sa pagsusuri sa mga natuos na S-CVI, tatlong LAS, ang LAS 3, LAS 6, at LAS 8 ang nakakuha ng mataas na antas ng baliditi (S-CVI ≥ 0.82). Ang resultang ito ay nagpapakita ng kalinawan at lohikal na daloy ng mga ideya, bokabularyong ankop sa antas ng mga mag-aaral, at balangkas ng mga pangungusap at talata na mabisang nagbibigay-linaw sa nilalaman ng mga LAS. Gayundin na ang kabuuang presentasyon ng mga LAS ay nakapupukaw ng interes at madaling unawain, kaya't higit na nakatutugon sa layunin ng mga kagamitang pampagkatuto.

Samantala, ang mga LAS 1, LAS 2, LAS 4, LAS 5, LAS 7, LAS 9, at LAS 10 ay nagpakita ng katamtamang antas ng baliditi (S-CVI mula 0.76 hanggang 0.80). Bagamat mayroon ding mga positibong katangian ang mga ito, tulad ng malinaw na estruktura sa ilang bahagi at pagkakaroon ng mga akmang bokabularyo, napansin ang ilang kakulangan ng mga ito. Kasama na rito ang kalabuan pagkakaayos ng ideya, kakulangan sa konsistinsi ngx kahusayan sa pagkakabuo ng mga pangungusap at talata, at pangangailangan gawing higit na kaakit-akit ang presentasyon upang mapanatili ang interes ng mga mambabasa.

Sa pangkalahatang aspeto ng presentasyon at organisasyon ng mga LAS, ang resulta ay nagpapahiwatig na ang lahat ng LAS ay may potensyal bilang mabisang mga kagamitang pampagkatuto sa araling panitikan sa Baitang 7. Kinakailangan lamang ang ilang mga rebisyon sa karamihan sa mga ito upang higit na mapahusay ang kanilang kalidad at maging mas malinaw, organisado, at kaaya-ayang basahin ng mga mag-aaral. Ang mga resulta ito ay naging mahalagang gabay sa pagrebisa sa mga ito bago ipinagamit sa mga mag-aaral para sa patuloy na pagpapabuti ng disenyo at nilalaman ng mga learning activity sheets at matiyak ang higit na pagkatuto ng mga mag-aaral.

Kawastuhan ng mga gawaing pampagkatuto ng mga araling Panitikan sa Baitang 7 batay sa mga pagtataya ng mga eksperto at guro

Sa bahaging ito, ilalahad ang sistematikong pagtataya ng mga guro at eksperto sa kawastuhan at pagiging napapanahon ng mga impormasyong nakapaloob sa mga inihandang mga gawain sa pagkaturto o Learning Activity Sheets (LAS) ng mga aralin sa panitikan. Kinakailangan ang prosesong ito upang masiguro na ang bawat LAS ay wasto, makabuluhan, at kontekstuwalisado ang mga nilalaman at sumusuporta sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Gamit ang tiyak na pamantayang itinakda ng Learning Resources Management and Development System (LRMDS) ng Kagawaran ng Edukasyon (DepEd) Guidelines and Processes for Lrmds Assessment & Evaluation 2019). Sa panuntunan ng DepED (LRMDS), ang isinagawang pagtataya ay nakabatay sa mga uri ng pagkakamaling konseptuwal, faktwal, at gramatikal. Sinuri ng mga guro at eksperto ang bawat LAS upang makita kung ang mga ito ay maaaring gamitin, kailangan pang iwasto, o hindi na dapat irekomenda. Sa pagtataya, naging gabay ang ginamit ang iskalang 1 hanggang 4, kung saan ang markang 3 ang nagsisilbing benchmark value na nagpapahiwatig ng katanggap-tanggap na antas ng kawastuhan. Inilalahad sa ibaba mga resulta ng isinagawang pagsusuri.

Makikita sa Talahanayan 2, ang pagtataya ng mga guro at eksperto sa kawastuhan ng mga binuong mga gawaing pampagkatuto o Learning Activity sheets (LAS) batay sa tatlong aspekto ng kawastuhang konseptwal, paktwal, at gramatikal, gamit ang One-Sample T-test na may benchmark value na 3. ang mga LAS na may mean na mas mababa sa 3 ay hindi inirerekomendang gamitin.

Talahanayan 2. Kawastuhan ng mga gawaing pampagkatuto o LAS batay sa mga pagkakamaling konseptwal; pagkakamaling paktwal at mga pagkakamaling gramatikal.

Test Value = 3				
Learning Activity Sheet 1	**Df**	**Mean Difference**	**t-value**	**p-value**
Pagkakamaling Konseptwal	16	0.52	4.24	0.00
Pagkakamaling Paktwal	16	0.58	4.78	0.00
Pagkakamalig Gramatikal	16	0.52	4.24	0.00
Learning Activity Sheet 2				
Pagkakamaling Konseptwal	16	0.47	3.77	0.00
Pgkakamaling Paktwal	16	0.47	3.77	0.00
Pagkakamalig Gramatikal	16	0.47	3.77	0.00
Learning Activity Sheet 3				
Pagkakamaling Konseptwal	16	0.59	4.78	0.00
Pgkakamaling Paktwal	16	0.71	6.20	0.00
Pagkakamaling Gramatikal	16	0.35	2.95	0.01
Learning Activity Sheet 4				
Pagkakamaling Konseptwal	16	0.59	4.78	0.00
Pgkakamaling Paktwal	16	0.59	4.78	0.00
Pagkakamalig Gramatikal	16	0.53	4.24	0.00

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 1| January2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Learning Activity Sheet 5				
Pagkakamaling Konseptwal	16	0.59	4.98	0.00
Pgkakamaling Paktwal	16	0.59	4.78	0.00
Pagkakamalig Gramatikal	16	0.47	4.77	0.00
Learning Activity Sheet 6				
Pagkakamaling Konseptwal	16	0.53	4.24	0.00
Pgkakamaling Paktwal	16	0.47	3.77	0.00
Pagkakamalig Gramatikal	16	0.53	4.24	0.00
Learning Activity Sheet 7				
Pagkakamaling Konseptwal	16	0.59	4.78	0.00
Pgkakamaling Paktwal	16	0.71	6.20	0.00
Pagkakamalig Gramatikal	16	0.35	3.00	0.00
Learning Activity Sheet 8				
Pagkakamaling Konseptwal	16	0.65	5.42	0.00
Pgkakamaling Paktwal	16	0.53	4.24	0.00
Pagkakamalig Gramatikal	16	0.53	4.24	0.00
Learning Activity Sheet 9				
Pagkakamaling Konseptwal	16	0.47	3.77	0.00
Pgkakamaling Paktwal	16	0.65	5.42	0.00
Pagkakamalig Gramatikal	16	0.53	4.24	0.00
Learning Activity Sheet 10				
Pagkakamaling Konseptwal	16	0.71	6.20	0.00
Pgkakamaling Paktwal	16	0.53	4.24	0.00
Pagkakamalig Gramatikal	16	0.44	3.42	0.00

Sa kabuuan, ang mga LAS 1-10 ay lampas sa benchmark value na 3, kaya't malinaw na inirerekomendang gamitin ang mga ito sa pagtuturo ng Panitikan sa Baitang 7. Ipinakita ng datos na ang mga ito ay may mataas na antas ng kawastuhan sa tatlong aspeto, at tinitiyak na makatutulong ito sa pagpapayaman ng kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral. Ang batayang simuaing ito ay katulad ng naging direksyon ng pag-aaral nina Rahmawati et al. (2021) na nagpapakita ng kahalagahan ng maingat na pagsusuri sa mga kagamitang panturo upang matiyak na ang mga ito ay wasto at maging kapaki-pakinabang sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

Antas ng pagkakapareho ng mga pagtataya ng mga guro sa kaangkupan at kawastuhan ng mga gawaing pampagkatuto

Sa layuning masuri ang antas ng pagkapareho ng pagtingin ng mga guro sa kalidad ng bawat LAS, na sinukat batay sa kaangkupan at kawastuhan ng nilalaman, tinuos ang Intraclass Correlation Coefficient (ICC) ng mga pagtataya ng mga guro at eksperto. Ang ICC ay isang estadistikal na sukatan ng pagkakapareho o konsitinsi ng mga pagtataya ng iba't ibang tagasuri(Koo & Li, 2016) sa pag-aaral na ito ay ang mga guro at eksperto.

Makikita sa Talahanayan 3 ang antas ng pagkakapareho Intraclass Correlation Coefficient (ICC) ng mga pagtataya ng mga guro sa kaangkupan at kawastuhan ng mga gawaing pampagkatuto ng mga araling Panitikan sa Baitang 7.

Lumitaw sa pagsusuri ng mga datos na may mataas na antas ng pagkakapareho ang mga guro sa kanilang pagtataya sa mga Learning Activity Sheets (LAS) sa Panitikang Filipino para sa Baitang 7. Naging gabay sa pagbigay interpretasyon sa mga natuos na ICC ang 95% *confident interval* at ang mga *value* na mas mababa sa 0.5 ay ilalarawan bilang mahina ang kasundua n, sa pagitan ng 0.5 at 0.75 ay nangangahulugang katamtaman, sa pagitan ng 0.75 at 0.9 ay mabuti, at higit sa 0.90 ay nagpapahiwatig ng napakabuting kasunduan.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 1| January2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Talahanayan 3. Antas ng pagkakapareho ng mga pagtataya ng mga guro sa kaangkupan at kawastuhan ng mga gawaing pampagkatuto ng mga araling Panitikan sa Baitang 7.

Intraclass Correlation Coefficient			
Learning Activity Sheets	**Intraclass Correlation**	**F-test with true Value 0**	
		f-value	**p-value**
Learning Activity Sheet 1 "Si Usman, Ang Alipin"	0.82	5.49	0.00
Learning Activity Sheet 2 "Natalo rin Si Pilandok"	0.86	5.49	0.00
Learning Activity Sheet 3 "Ang Mahiwagang Tandang"	0.81	7.29	0.00
Learning Activity Sheet 4 "Ang Alamat ng Palendag"	0.77	0.52	0.00
Learning Activity Sheet 5 "Tulalang"	0.84	4.36	0.00
Learning Activity Sheet 6 "Pagislam"	0.79	6.08	0.00
Learning Activity Sheet 7 "Ang Munting Ibon ng Maranao"	0.81	4.71	0.00
Learning Activity Sheet 8 "Lalapindigowa-I: Kung Bakit Maliit ang Beywang ng Putakti"	0.79	5.21	0.00
Learning Activity Sheet 9 "Indarapatra at Sulayman"	0.79	4.67	0.00
Learning Activity Sheet 10 "Bantugan"	0.68	4.57	0.00

Sa kabuuan, sa sampung LAS, siyam ang nagpakita ng mabuting kasunduan, at isa ang nasa katamtamang kasunduan. Lahat ng p-value ay 0.00, kaya't hindi tinanggap ang null hypothesis na walang mahalagang antas ng kasunduan ang mga gurong tagasuri sa kaangkupan ng nilalaman, pormat at organisasyon at kawastuhan ng mga inihandang LAS ng mga aralin sa panitikan.. Ipinapakita ng mga resultang ito na may makabuluhang konsistinsi o pagkakatulad sa pagtataya ng mga guro. na ang mga LAS ay nasa tamang balanse ng impormasyon at biswal na presentasyon. Ginagamit ang tamang layout, biswal, at teksto upang mapadali ang pagpapadaloy ng pagkaunawa ng mag-aaral (Sendurur et al., 2018). Ito ay isang indikasyon na ang mga LAS ay may mataas na antas ng pagiging kapani-paniwala at maaaring gamitin bilang isa sa mga sanggunian sa pagtuturo ng Panitikan sa Baitang 7. Ang resulta ay mahalagang patunay na ang mga guro ay may pagkakasundo sa pagbibigay-halaga sa kalidad, kaangkupan, at kawastuhan ng nilalaman ng mga gawaing pampagkatuto.

Higit pa rito, ang mataas na Intraclass Correlation ay nangangahulugang maaasahan ang ebalwasyon, at mahalagang batayan ito sa pagpapasya kung alin sa mga LAS ang kailangang panatilihin, pagyamanin, o isaayos upang higit pang mapataas ang antas ng kalidad ng pagtuturo sa Panitikang Filipino sa antas ng sekondarya.

Recommendations

1. Upang matiyak ang mas malinaw na daloy ng impormasyon at mas episyenteng implementasyon ng LAS, maaaring magpatupad ang DepEd ng sistematikong mekanismo ng komunikasyon tulad ng regular na briefings at standardized advisories para sa mga paaralan.
2. Upang maresolba ang labis-labis na tungkulin ng mga guro, maaaring magpatupad ang DepEd ng workload balancing system at malinaw na task assignment guidelines. Sa ganitong paraan, mapapangalagaan ang oras ng guro at mahihikayat ang mas episyenteng pamamahala ng gawain.
3. Maaaring maglunsad ang DepEd ng localized intervention programs na nakabatay sa pangangailangan ng mga mag-aaral, kabilang ang masinsing monitoring, case profiling, at kolaborasyon sa guidance office, upang mabigyan sila ng angkop, maagap, at sustenableng suporta.

REFERENCES

1. *Ambayon, C. M. (2020). Modular-based approach and students' achievement in literature. International Journal of Education and Literacy Studies, 8(3), 32. https://doi.org/10.7575/aiac.ijels.v.8n.3p.32*
2. *Balco, G. B. M., & Uy, S. (2023). Development and validation of a localized module in science, technology, engineering and mathematics competencies for food and beverage services level II trainees. https://files.eric.ed.gov/fulltext/ED628531.pdf*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 1| January2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

3. *Behhay, N., Immangdul, H., & Aniceto, F. (2024). IJAMS 491: Isang mungkahing kagamitang pampagtuturo sa asignaturang Filipino sa panahon ng pandemya. International Journal of Advanced Multidisciplinary Studies, IV(4), 395–404. https://www.ijams-bbp.net/wp-content/uploads/2024/08/4-IJAMS-APRIL-2024-395-404.pdf*
4. *Bollmann, D. U., Gründler, R., & Holder, M. (2018). The integration of safety and health into education. In Deutsche Gesetzliche Unfallversicherung (DGUV). https://publikationen.dguv.de/widgets/pdf/download/article/3450*
5. *Davydov, V. V., & Rubtsov, V. V. (2018). Developing reflective thinking in the process of learning activity. Journal of Russian & East European Psychology, 55(4–6), 287–571. https://doi.org/10.1080/10610405.2018.1536008*
6. *Dayo Laurel, C. (2022). Validation of learning activity sheets and learners performance in Araling Panlipunan. International Journal of Research Publications, 104(1). https://doi.org/10.47119/ijrp1001041720223495*
7. *Del-O, A. T., & Bugtong, E. B. (2023). Mga epektibong kagamitang panteknolohiya sa pagtuturo ng panitikang Filipino. Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, 3(12), 258–273. https://doi.org/10.47760/cognizance.2023.v03i12.021*
8. *Donasco, J. E. (2023). Using an activity sheet (tala-gawain) as an intervention with the correct use of words. International Journal of Research Publications, 125(1). https://doi.org/10.47119/ijrp1001251520234896*
9. *Espiritu, J., & Dacaca-Acerit, M. (2024). Estratehiya at kasanayan sa akademikong pagsulat ng mga mag-aaral sa senior high school: Batayan sa pagbuo ng mga estratehiya ng pagtuturo ng akademikong pagsulat. International Multilingual Journal of Science and Technology (IMJST), 9(7). https://www.imjst.org/wp-content/uploads/2024/08/IMJSTP29121051.pdf*
10. *Estera, J. E. D., & Janer, S. S. (2022). Balidasyon ng MELC-based learning activity sheets sa Filipino sa piling larang akademik. Zenodo, 3. https://doi.org/10.5281/zenodo.5835409*
11. *Ghai, A., & Tandon, U. (2022). Analyzing impact of aesthetic visual design on usability of e-learning: An emerging economy perspective. Higher Learning Research Communications, 12(2). https://doi.org/10.18870/hlrc.v12.i2.1325*
12. *Hofileña, E. A., & Bearneza, F. J. D. (2023). Reconstructed learning activity sheets (LAS): Its effect on students' performance in mathematics. International Journal of Humanities and Education Development (IJHED), 5(1), 25–30. https://doi.org/10.22161/jhed.5.1.5*
13. *Indah Damayanti, Caswita, & Noer, S. H. (2019). Teaching material based on metacognitive strategies to improve student's critical thinking ability. In Proceedings of the 3rd Asian Education Symposium (AES 2018) (p. 253). https://doi.org/10.2991/aes-18.2019.103*
14. *Koo, T. K., & Li, M. Y. (2016). A guideline of selecting and reporting intraclass correlation coefficients for reliability research. Journal of Chiropractic Medicine, 15(2), 155–163. https://doi.org/10.1016/j.jcm.2016.02.012*
15. *Lacsa, M. E. B. (2022). Learning activity sheets (LAS) and the English achievement of Grade 8 students. IOER International Multidisciplinary Research Journal, 4(1). https://www.ioer-imrj.com/wp-content/uploads/2022/03/Learning-Activity-Sheets-LAS-and-the-English-Achievement-of-Grade-8-Students.pdf*
16. *Leovigildo, L. D. M., Mallillin, J. B., Ampongan, Y. D., Lipayon, I. C., Mejica, M. M., & Burabo, J. Z. (2023). Instructional design for effective classroom pedagogy of teaching. Eureka Journal of Educational Research, 1(2), 41–52. https://doi.org/10.56773/ejer.v1i2.6*
17. *Lita, L., & Ambayon, C. M. (2024). Reading comprehension module and students' achievement in literature. International Journal of Social Sciences and English Literature, 8(32–36), 32–36. https://doi.org/10.55220/2576683x.v8.196*
18. *Lu, L., & Sides, M. L. C. (2022). Instructional design for effective teaching: The application of ADDIE model in a college reading lesson. Practitioner to Practitioner, 11(1), 4–12. https://eric.ed.gov/?id=EJ1343586*
19. *Medina, R., & Dacaca-Acerit, M. (2024). Pagsulat ng teknikal-bokasyunal na manual ng mga mag-aaral sa senior high school: Batayan sa pagbuo ng komprehensibong modyul. International Multilingual Journal of Science and Technology (IMJST), 9(8). https://www.imjst.org/wp-content/uploads/2024/08/IMJSTP29121060.pdf*
20. *Olipas, C. N. P. (2023). Students' evaluation of the instructional learning modules for application development and emerging technologies course. Puissant – A Multidisciplinary Journal, 4, 1074–1089. https://files.eric.ed.gov/fulltext/ED622667.pdf*
21. *Polit, D. F., & Beck, C. T. (2006). The content validity index: Are you sure you know what's being reported? Critique and recommendations. Research in Nursing & Health, 29(5), 489–497. https://doi.org/10.1002/nur.20147*
22. *Rahmawati, L. E., Octaviani, P., Kusmanto, H., Nasucha, Y., & Huda, M. (2021). The accuracy of complex-procedures texts material in Bahasa Indonesia textbook for the first grade of senior high school. Asian Journal of University Education, 17(1), 91. https://doi.org/10.24191/ajue.v17i1.12607*
23. *Romarate, M. A., Boo, A. A., Julongbayan, P. E., Ramos, Q. G., Aclan, B. L., & Porley, R. N. (2022). Development of outcomes-based instructional materials in professional teacher education courses for a flexible set-up. Journal of Education and E-Learning Research, 10(1), 61–67. https://doi.org/10.20448/jeelr.v10i1.4378*
24. *Saberola, L. P. (2018). Ang pag-aaral na pinamagatang "Pagbuo, pagtanggap at baliditi ng modyul: Kontekstuwalisasyon ng mga piling aralin sa Filipino 8 gamit ang dominyong kulturang popular". MSEUF Research Studies, 20(1).*
25. *Sahaat, Z., Nasri, N. M., & Abu Bakar, A. Y. (2020). ADDIE model in teaching module design process using modular method: Applied topics in design and technology subjects. In Proceedings of the 1st Progress in Social Science, Humanities and Education Research Symposium (PSSHERS 2019) (p. 464). https://doi.org/10.2991/assehr.k.200824.161*
26. *Santos, J. M., Adriano, R. C., Cruz, M. M. S., Castro, M. D. B., Custodio, E. B., & Bernardo, G. T. (2025). Digitizing educational resources: Development of learning materials repository hub. Problems of Education in the 21st Century, 83(2), 237–260. https://doi.org/10.33225/pec/25.83.237*
27. *Sarekenova, K., Aimukhambet, Z., Malikov, K., Salikzhanova, S., Zhylkybay, G., & Assanbayeva, Y. (2023). Effects of online learning and digital conversation-based activities on the transfer of cultural values in language and literature classes.*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 1| January2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

International Journal of Education in Mathematics, Science and Technology, 11(2), 471–492. https://doi.org/10.46328/ijemst.3135

28. *Saunders, L., & Wong, M. A. (2020). Designing instructional materials. IOPN Library. https://iopn.library.illinois.edu/pressbooks/instructioninlibraries/chapter/designing-instructional-materials/*
29. *Sendurur, E., Ersoy, E., & Çetin, I. (2018). The design and development of creative instructional materials: The role of domain familiarity for creative solutions. International Journal of Technology and Design Education, 28(2), 507–522. https://eric.ed.gov/?id=EJ1179485*
30. *Thongma, P. (2023). The development of literature learning activities on the topic of Rachathirat for Saming Pha Ram Arsa by Matthayomsuksa 1 students using the KWL Plus technique with cooperative learning. Shanlax International Journal of Education, 11(1), 180–188. https://eric.ed.gov/?q=Development+and+Evaluation+of+Learning+Activities+for+Students+in+Literature+Lessons&ft=on&id=EJ1392427*
31. *University of Washington Bothell. (2024). ADDIE model. Information Technology. https://www.uwb.edu/it/addie*
32. *Yongco, J. O., & Del Valle, J. M. (2022). Development and evaluation of instructional module for special program in journalism. International Journal of Educational Management and Development Studies, 3(4), 97–117. https://doi.org/10.53378/352948*
33. *Yunus, M. M., & Suliman, A. (2014). Information & communication technology (ICT) tools in teaching and learning literature component in Malaysian secondary schools. Asian Social Science, 10(7), 136–143. https://doi.org/10.5539/ass.v10n7p136*